

SULAT NG PAGKAKATANGGAP SA YEAR SEVEN SA DARATING NA TAON
NOTIFICATION OF ACCEPTANCE INTO YEAR 7 NEXT YEAR

Pangalan ng estudyante:

Taon ng pagpasok sa Year 7:

Araw at petsa na oriyentasyon:

Mapagtatanungang kawani tungkol sa pagpapatala sa Year 7:

Numero ng telepono sa eskuwelahan para mapagtanungan:

Mahal na Magulang /Tagapag-alaga

Maraming salamat sa inyong aplikasyon sa pagpapatala ng inyong anak, na nakapangalan sa itaas, sa Year 7 sa eskuwelahang ito sa darating na taon.

Ako ay nagagalak na ibalita sa inyo na ang inyong aplikasyon sa pagpapatala ay matagumpay. Kayo at ang inyong anak ay malugod naming binabati. Ako ay umaasa ng mahusay nating pagsasamahan sa mga darating na taon.

Isang araw ng oriyentasyon para sa lahat ng mga papasok na estudyanteng Year 7 ay gaganapin sa aming paaralan. Ang petsa ng oriyentasyon ay nakasulat sa itaas. Papadalhan namin kayo ng dagdag na detalye tungkol sa araw ng oriyentasyon sa buwan ng Setyembre/Oktobre.

Tawagan po kaagad ang eskuwelahan kung may pagbabago sa inyong sitwasyon at ayaw na ninyong ituloy ang pagpapatala. Sa ganoon, puwede po naming ibigay ang nabakanteng puwesto sa ibang estudyanteng nasa listahan ng mga naghihintay.

Kung mayroon po kayong katanungan o nangangailangan ng dagdag na impormasyon, tawagan lamang po ang taong mapagtatanungan tungkol sa pagpapatala na nakasulat ang pangalan at telepono sa itaas. Kung kinakailangan ninyo ng tulong ng isang interpreter, tumawag lamang sa Telephone Interpreter Service sa telepono 131 450 at humingi ng interpreter sa inyong wika. Ang interpreter ang tatawag sa eskuwelahan at mananatiling nasa linya ng telepono upang makatulong sa inyong pakikipag-usap. Hindi po kayo pagbabayaran sa serbisyong ito.

Sumasainyo

Prinsipal
Principal